

Happy
GRAND
PARENTS'
Day!



Ang Pamumunga ng Katandaang Matuwid

Mensahe Ngayon (13 Setyembre 2020) / *Awit 92:12-15*

Ang Awit 92 ay isang awit para sa araw ng sabbath ayon sa panimula nito. Ito ang araw ng kapahingahan ng bayang Israel, at araw din ng kanilang banal na pananambahan. Mayroon silang inaawit na salmo araw-araw na kasabay ng pang-umaga at sa pang-gabing pagsasakripisyo. Sa araw ng sabbath ang salmang ito ang inaawit sa maghapon.

Ang tema ng salmang ito ay ang soberenyang pamamahala ng Diyos, ayon sa v. 8: “ngunit ikaw, O Panginoon, ay mataas magpakailanman.” At dahil sa kanyang paghahari sa lahat, malaya ang kanyang bayan na maging matuwid katulad Niya. Inilalarawan ng salmang ito ang mga katangian ng mga matuwid at nananampalataya sa isang soberenyang Diyos.

At dahil araw ng mga lolo at lola ngayon, pag-aaralan natin ang huling apat na talata nito na may mahalagang mensahe para sa ‘ting lahat.

Makikita natin ang paglago ng matuwid, ang sikreto ng paglago ng matuwid, at ang pamumunga sa katandaan ng mga matuwid.

1. ANG PAGLAGO NG MATUWID (v. 12).

- Madalas gamitin ang puno bilang larawan ng mga matuwid sa Lumang Tipan.
- Ang “puno ng palma” ay isang karaniwang puno sa gitnang silangan na malakas mamunga ng masasarap na prutas (mga “dates” na matamis at sikat na pampasalubong ng mga turista doon). Mayabong ang puno na ito kahit na sa tuyo at hindi kanais-nais na klima ng bayang Israel.
- Ang “sedro ng Lebanon” ay sikat na sikat sa lahat ng mga nagtatayo ng matatayog na gusali o palasyo sa Israel. Ito ang ginamit sa pagtayo ng pamamahay ni David, at ng unang templo ni Solomon. Ito ay kilalang mataas, matayog, matibay at matatag.
- Ano ang sikreto ng ating mga lolo at lola sa kanilang paglago sa kanilang pagtanda sa panananampalataya?

2. ANG SIKRETO NG PAG-UNLAD NG MATUWID (v. 13).

- Ang sikreto ay ang tapat at malapit na kaugnayan sa ating Panginoon. Ito ang ibig sabihin ng mga katagang “sila’y nakatanim sa bahay ng Panginoon” at “lumalago sa mga bulwagan ng aming Diyos.”
- Kaya ang regular na pagbasa at pagaaral ng Salita ng Diyos ay kasama sa pagiging “nakatanim sa bahay ng Panginoon”.
- Ang ating Diyos ay nangungusap sa atin araw-araw sa pamamagitan ng Kanyang salita, at ang ating kaugnayan sa Kanya ay lumalalim kapag tayo’y tapat na nag-aaral ng Kanyang Biblia.
- Yan ang sikreto ng mga umuunlad sa Panginoon; ang kanilang pananahan sa Kanyang presensya at pagbubulay-bulay ng Kanyang salita.

3. ANG PAMUMUNGA NG KATANDAANG MATUWID (vv. 14-15).

- Bukod sa pagiging maunlad at matatag, ang mga matuwid ay patuloy na mamumunga

Ang Pamumunga ng Katandaang Matuwid

Mensahe Ngayon (13 Setyembre 2020) / *Awit 92:12-15*

hanggang sa kanilang pagtanda, at ang mga bungang ito ay patuloy na mabibigay papuri sa Diyos na Siya namang nagbibigay sa kanila ng kalakasang espiritual. Ano ang mga bungang ito?

- Kasama sa bunga ng mga matuwid ang kanilang patotoo na may kapangyarihang magdala ng iba sa Panginoon; mga patotoo ng katapatan, kabutihan at kapangyarihan ng Diyos, na kanilang naranasan mismo sa kanilang buhay.
- Mas makapangyarihan ang patotoo ng mga nakatatanda para sa mga bago pa lang sa pananampalataya, o sa mga nag-iisip na tumanggap sa Panginoon. Madalas mas epektibo sila na humikayat sa pananampalataya kaysa sa mga pastor at misyonero dahil ay “satisfied customer” at hindi “salesman.”

PANGWAKAS

Mga kapatid, sa araw na ito na ating inaalala at binibigyan karangalan ang ating mga lolo at lola, at sila na nakatatanda sa atin sa pananampalataya, sana sariwain din natin ang paalala at hamon ng salmang ito.

Sikapin nating matamo ang paglago ng matuwid; isang pananampalataya na mayabong sa gitna ng mga pagsubok; isang pananampalataya na matatag at matibay sa kahabaan ng panahon.

Angkinin natin ang sikreto ng paglago ng matuwid; ang tapat na pananahan sa presensya ng Panginoon, ang patuloy na pananambahan sa Kanya sa gitna ng kapulungan ng mga ligtas, at ang masidhing pag-aaral at pagsunod sa Kanyang Banal na Kasulatan.

Nasahin natin ang pamumunga sa katandaan ng matuwid, ang pamamahagi ng ating testimonyo ng katapatan, kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay, at ang pagtuturo ng kanyang ebanghelyo sa ating mga anak, apo, kamag-anak, kapit-bahay at kaibigan; at sa lahat nang masisinagan ng liwanag ng isang buhay na pinalago ng kagandahang-loob ng Diyos sa atin. Amen ■

MGA TANONG PARA SA TALAKAYAN

1. Alalahanin ninyo ang mga lolo at lola ninyo. Ano ang mga nakita ninyong bunga ng kanilang pananampalataya sa Diyos? Kung hindi sila mananampalataya, anong mga magandang asal ang kanilang tinuro sa inyo na naging daan din para kayo'y makakilala sa Panginoon?
2. Sa inyong pagtanda, kung kayo'y biyayaan na maging mga lolo at lola, anong gusto ninyong makita at maalala ng inyong mga anak at apo sa inyong buhay at pananampalataya?

The Shepherd's Voice

by D. Nemy and Corie Miguel

OUR GRANDPARENTING JOURNEY

On April 2, 2018, Felicity Corinne or Happy, our first grandchild, was born and our journey as grandparents officially began. We could not find the exact words to describe the feeling, except that it was exhilarating and a fulfillment of God's promise in Genesis 22:17: "I will surely bless you, and I will multiply your offspring as the stars of heaven and as the sand that is on the seashore."

Before the lockdown, we got to spend time with Happy once or at most twice a week, during her dad's day off from work when they would visit us at home or during Sunday worship service. Now we get to see her every day but only through video calls. The highlight of our calls would be when she regales us with her endless singing. It is amazing to witness her growth and how she is evolving. She is witty, she leads the prayer before meals, she can quickly learn songs, memorize verses and she is also fond of arts and crafts.

We often hear the saying that grandparents are spoilers. We have yet to find that out as Happy is only two years old. But spoiling can be a good thing as long as it does not encourage your grandchildren to behave in a negative way. We acknowledge our role or part in Happy's life. We have to be positive influencers. We need to be nurturing, role models and provide her a loving, safe and peaceful environment. We have to align our disciplining method with that of her parents so as not to confuse her. But at the same time, we need to constantly assure her of our unwavering

love, support, comfort, understanding and make her feel that we are always on her side.



"Train up a child in the way he should go; even when he is old he will not depart from it," says Proverbs 22:16. We are grateful that we raised our children in a nurturing, happy, God-loving and God-fearing home. Now that P. Dags is a parent himself, we can see our positive influence in his parenting style. In fact, he is doing much, much better than us.

For us, grandparenting is life changing. We are now more health conscious, more youthful, more patient, more optimistic and enthusiastic. And helping raise Happy is one of our greatest accomplishments. She will not forever remain a child. Someday, we will look back and ask "Where did those years go?"

Grandchildren are the crown of the aged, and the pride of children is their fathers.
Proverbs 17:6 ■

ANG CHURCH ONLINE

BELONGING: FINDING PEACE IN THE MIDST OF THE PANDEMIC

Setyembre 16 (Miyerkules), 6:30 n.g., sa GCF Facebook Page

REMINDERS OF GOD'S CARE AND FAITHFULNESS

Lunes at Biyernes, 7:00 n.g., sa GCF Facebook Page

LIVestream (GCF Youth LIVE Worship)

Sabado, 5:00 n.h.. sa youtube.com/user/gcfyouthlive

KIDS' L.I.F.E. ONLINE SUNDAY SCHOOL

Ina-upload tuwing Linggo, 1:00 n.h. sa youtube.com/user/gcfmain

PAGSAMBA SA PAGBIBIGAY

Upang makapagbigay sa mga panahong ito, maaaring gawin ang anuman sa sumusunod:

BANK DEPOSIT O TRANSFER

Account Name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.

- **BDO** (BDO Corporate Center Branch) Savings Account 000661590216
- **China Bank** (Ortigas ADB Branch) Savings Account 1112-02006218
- **UnionBank** (UB Plaza Branch) Checking Account 0005-9001-0426
- **Robinsons Bank** (Main Office Branch) Savings Account 1000-3010-0017-355
- **Metrobank** (Ortigas Sapphire Branch) Savings Account 629-3-62919733-9
- **GCash (L) and PayMaya (R)** (i-scan ang QR code sa ibaba)



CREDIT/DEBIT CARD THROUGH PAYPAL

Pumunta sa www.gcf.org.ph/give para sa detalye.

Mangyaring mag-email ng kopya ng inyong transaction document sa finance@gcf.org.ph upang ma-record ang inyong pagbibigay at makapaghanda ng resibo.

COVID-19 EMERGENCY RESPONSE EFFORTS

Maaari ninyo ring italaga ang inyong pagbibigay sa ating relief efforts para sa mga frontliners at iba pang lubhang naapektuhan ng krisis. Ilagay lamang sa subject ng inyong email ang "For COVID-19 fund" ■



Greenhills Christian Fellowship
Know Christ and Make Him Known

Ruby cor. Garnet Roads, Ortigas Center, Pasig City, 1605

☎ (02) 8632 1354 to 56, (02) 8635 0078 to 80, (02) 8635 0082 to 83

☎ Fax No. (02) 8632 1357, Monday to Friday, 9:00 a.m. to 6:00 p.m.

✉ email@gcf.org.ph 🌐 gcf.org.ph 📱 Greenhills Christian Fellowship